Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

**OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN**

# RESOLUTION NO. 2025-11

**Date of Session : Enero 27, 2025**

KAPASIYAHAN BLG.03, SERYE 2025, KAPASIYAHAN NA PINAGTITBAY ANG PAGLAAN NG PONDO SA MGA NAKATAKDANG PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG **SANGGUNIANG KABATAAN NG LOMA DE GATO**, MARILAO, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA MILYON WALONG DAANG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPUNG PISO **(P9,800,570.00)** UKOL SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD PARA SA TAONG 2025

| | Receiving Office | Received By: (Print Name & Signature) | Date Received |
|---|---|---|---|
| 1 | Mayor's Office | [redacted] | 03 FEB 2025 |
| 2 | EA Office | [redacted] | |
| 3 | Mun. Budget Ofc. | | 2/7/25 |
| 4 | SK LOMA DE GATO | [redacted] | 2/5/25 |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| | | | |

Republika ng Pilipinas
Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

## Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG IKA-27 NG ENERO, 2025**

**MGA DUMALO:**

Kgg. Jun Bob J. Dela Cruz — Pangalawang Punong Bayan

**MGA KASANGGUNI**

Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. William R. Villarica
Kgg. Allane T. Sayo
Kgg. Andre Favian D. Santos
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Ariel P. Amador
Kgg. Maria Luisa I. Silvestre

**MGA EX-OFFICIO**

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC Presindent)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK President)

**KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 11**

Sa Pagtataguyod ni: Kgg. Ariel P. Amador

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03, SERYE 2025 "KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG PONDO SA MGA NAKATAKDANG PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG SANGGUNIANG KABATAAN NG LOMA DE GATO MARILAO, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA MILYON WALONG DAANG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPUNG PISO (₱9,800,570.00) PARA SA TAONG 2025."**

**SAPAGKAT,** ang SK Chairman ng Barangay Loma de Gato, Kgg. Elaine Jacqlynd Wilfred A. Diaz ay nagsumite ng kanilang Taunang Gugulin para sa Taong 2025 sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa kaukulang pag-aaral at pagpapatibay;

**SAPAGKAT,** ang nasabing Taunang Gugulin ay may kalakip na Unang Paglilipat (1st endorsement) na, nagmula sa Local Finance Committee bilang katunayan na ito ay kanila nang napag-aralan;

**SAPAGKAT,** ang kanilang isinumiteng Taunang Gugulin ay naayon at alinsunod sa batas at naaayon sa panuntunan ng Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015;

**SAPAGKAT,** ang nakapaloob sa nasabing Taunang Gugulin ang mga proyekto at programang pangkaunlaran ng mga Kabataan sa Barangay;

Kung kaya't sa MUNGKAHI ni Kasangguni Ariel P. Amador, pinangalawahan ng lahat na kasangguning dumalo.

**PANGKARANIWANG PULONG**
**KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 11**

**IPINASIYA** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayan ang KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03, SERYE 2025 "KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG PONDO SA MGA NAKATAKDANG PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG SANGGUNIANG KABATAAN NG LOMA DE GATO MARILAO, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA MILYON WALONG DAANG LIBO, LIMANG DAAN PITUMPUNG PISO (₱9,800,570.00)" PARA SA TAONG 2025.

**IPINASIYA** pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

**PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA,** ngayong ika-27 ng Enero, taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

**EDGAR P. RAMIREZ**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATUTUNAY**

**JUN BOB J. DELA CRUZ**
Pinunong Tagapangulo

Petsa: 01-31-25